



## FAQ - The Eula Hotel

### **Ano ang panukalang proyekto sa 3061 16<sup>th</sup> Street, The Eula Hotel, at para kanino ito?**

Ipinapanukala ng City of San Francisco ang pagbili sa 25 kuwarto ng Eula Hotel sa 3061 16th Street, para magamit bilang Permanenteng Pansuportang Pabahay (Permanent Supportive Housing o PSH) para sa mga kabataang nasa transisyunal na edad (Transitional Age Youth o TAY) na dating walang matirahan. Maglalaan ang gusali ng murang pabahay na may mga panlipunang serbisyo sa mismong lokasyon para tulungan ang mga naninirahan dito na magkaroon at makapagpanatili ng bahay at kasiguraduhan.

Magkakaroon ang Eula Hotel ng mga kawani sa mismong lokasyon, propesyonal na tagapamahala ng property, at mga serbisyo ng suporta sa mismong lokasyon.

### **Ano ang Permanenteng Pansuportang Pabahay?**

Ang Permanenteng Pansuportang Pabahay (PSH) ay murang pabahay na may mga pansuportang serbisyo. Ang mga nakatira sa PSH ay may kanya-kanyang yunit at kasunduan (lease).

### **Paano napili ang tagabigay ng serbisyo?**

Pipiliin ang non-profit na tagabigay ng serbisyo sa isang competitive na proseso.

### **Ano ang naging proseso sa pagpili sa lokasyong ito?**

Para tulungan ang City at County of San Francisco sa pagtugon sa kawalan ng tirahan, nag-isyu ang Departamento ng Walang Matirahan at Pansuportang Pabahay (Department of Homelessness and Supportive Housing o "HSH") ng Kahilingan para sa Impormasyon (Request for Information o RFI) sa mga interesadong may-ari ng ari-arian para magsumite ng impormasyon para tulungan ang City sa pagtukoy ng mga naaangkop na ari-ariang posibleng bilhin bilang Permanenteng Pansuportang Pabahay. Nagsumite ng impormasyon ng ari-arian ang mga may-ari ng Eula Hotel sa ilalim ng RFI, at pagkatapos suriin ang dokumento at bisitahin ang site, binigyang-prioridad ang ari-arian para mabili batay sa kondisyon, lokasyon, presyo, at kakayahan nitong matugunan ang mga pangangailangan ng TAY na populasyon.

### **Ano ang proseso ng pag-apruba at pagpapatuloy? Isa pa, ano ang timeline?**

Alinsunod sa Chapter 79 sa Administrative Code (Prop I), kailangan ng HSH na magbigay ng 30 araw na abiso ng pagbabago sa paggamit ng isang kasalukuyang site.

Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga abiso sa Prop I at mga pampublikong pulong para sa mga panukalang proyekto ay makikita sa website ng HSH sa: <https://hsh.sfgov.org/get-involved/notices/>

Dapat pahintulutan ng Board of Supervisors ang pagbili sa gusaling ito. Diringgin ng Board of Supervisors ang paksang ito sa komite sa Setyembre 2021. Ang mga detalye tungkol sa petsa, oras, at lokasyon ng pagdingig ay ipo-post sa <https://hsh.sfgov.org/get-involved/notices/> at sa website ng Board of Supervisors.

### **Para saan ginagamit ang kasalukuyang site? Kung may mga kasalukuyang naninirahan dito, ano ang mangyayari sa kanila?**

Sa kasalukuyan, ang gusaling ito ay isang bakanteng SRO. Walang nakatira rito sa kasalukuyan.

**Inuupahan ba ng City ang site na ito? Kung oo, gaano katagal? Kung hindi City ang umuupa, sino?**  
Plano ng City na bilhin ang site. Pagkatapos ng pagbili, pipili ng tagapagbigay ng serbisyo/operator sa pamamagitan ng isang competitive na proseso para patakbuhin ito bilang isang Permanenteng Pansuportang Pabahay para sa mga kabataang nasa transisyunal na edad.

